## Paano kami mag-a-apply?

Punan ang isang aplikasyon ng CCS at ibalik ito sa tanggapan ng CCS ng inyong county. Maaari kang makakuha ng aplikasyon mula sa tanggapan ng CCS ng inyong county o mag-download mula sa: https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs/Pages/ apply.aspx

Punang mabuti ang iyong aplikasyon upang makuha ng CCS ang lahat ng impormasyong kailangan nila para makita kung kwalipikado ka.

## Maaari bang mag-apply ang isang bata para sa CCS?

Kung ang iyong anak ay may edad na 18 taon o mas matanda, o isang menor de edad na pinalaya, maaari silang mag-apply nang mag-isa.

## Paano kung kailangan ko ng higit pang impormasyon tungkol sa CCS?

Para sa karagdagang impormasyon, o tulong sa pagsagot sa iyong aplikasyon, makipag-ugnayan sa tanggpan ng CCS ng inyong county. Hanapin ang kanilang address at numero ng telepono sa seksyon ng pamahalaan ng iyong phone book. Tingnan sa ilalim ng *California Children's Services* o *County Health Department*.

O hanapin ang inyong lokal na tanggapan ng CCS sa: https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs/ Pages/ CountyOffices.aspx

Maaaring makapunta sa website ng CCS sa:

https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs

DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

Gavin Newsom
Gobernador, Estado ng California

# California Children's Services



**Nangangalaga sa mga Batang may Espesyal na Pangangailangang Medikal**

## Ano ang programang California Children's Services (CCS)?

Ang CCS ay isang programa ng estado na tumutulong sa mga bata na may ilang partikular na sakit, pisikal na limitasyon, o kronikong mga problema sa kalusugan.




## Maaari bang makakuha ng CCS ang aming anak?

Kung sa tingin mo o ng doktor ng inyong anak ay may medikal na problema ang inyong anak na nasasaklaw ng CCS; Maaaring bayaran ng CCS ang isang eksaminasyon upang makita kung maaaring masaklaw ng CCS ang problema ng iyong anak.

Kung saklaw ng CCS ang problema ng iyong anak, nagbabayad o nagbibigay ang CCS ng mga serbisyo tulad ng:

- Mga pagkonsulta sa doktor
- Pagkakaospital / Pagtigil sa ospital
- Operasyon
- Terapiyang pisikal at paggawa / pagtatrabaho
- Mga test sa laboratoryo at mga X-ray
- Mga kasangkapang pang-ortopediko at medikal na kagamitan.

## Ano pa ang magagawa ng CCS para sa aming anak?

Maaaring pamahalaan ng CCS ang pangangalagang medikal ng inyong anak. Nangangahulugan ito na maaaring kumuha ang CCS ng mga espesyal na doktor at pangangalaga na kailangan ng inyong anak.

Minsan, isinasangguni kayo ng CCS sa ibang mga ahensya, tulad ng pangangalaga sa kalusugan ng publiko (public health nursing) at mga sentrong pangrehiyon (regional center) para makuha n'yo ang mga serbisyong kailangan ng inyong anak.

Ang CCS ay mayroon ding Medical Therapy Program (MTP). Ang mga MTP ay nasa mga pampublikong paaralan at nagbibigay ng terapiyang pisikal at terapiya sa paggawa / pagtatrabaho sa mga kwalipikadong bata.

## Mayroon bang iba pang mga kinakailangan?

Upang makakuha ng CCS, ang inyong anak ay dapat:

- Wala pang 21 taong gulang; at
- Mayroon o maaaring may problemang medikal na saklaw ng CCS; at
- Dapat residente ng California; at
- Ang kita ng pamilya ay wala pang $40,000 (ayon sa iyong iniayos (adjusted) na kabuuang kita sa form ng buwis ng estado).

## Paano kung ang kita ng aking pamilya ay higit sa $40,000?

Maaari ka pa ring makakuha ng CCS kung:

- Mayroon kang Medi-Cal (buo ang saklaw, walang gastos);
- Mayroon kayong insurance sa Healthy Families;
- Ang iyong gastusing medikal mula sa iyong bulsa para sa pangangalaga ng iyong anak ay higit sa 20% ng kita ng iyong pamilya;
- Gusto mo lamang ng mga serbisyo ng MTP;
- Kailangan mong makipagkita o komunsulta sa doktor upang makita kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa CCS; o
- Napagtibay mo na ang iyong anak ay may kilalang problemang medikal na nagpakwalipikado sa kanila para sa CCS.

## Ano-anong mga medikal na problema o kondisyon ang saklaw ng CCS?

Hindi saklaw ng CCS ang lahat ng problema. Saklaw ng CCS ang karamihan sa mga problemang pisikal na nagiging kapansanan o kailangang gamutin gamit ang mga gamot, operasyon, o rehabilitasyon. Mayroon ding iba pang mga salik o kadahilanan.

Sinasaklaw ng CCS ang mga batang may mga problema o kondisyon tulad ng:

- sakit sa puso mula sa pagkasilang
- mga kanser, tumor / bukol
- pagdurugo (hemophilia, sickle cell anemia)
- problema sa tiroideo (thyroid), diabetes
- malubhang kronikong problema sa bato (kidney)
- mga sakit sa atay o bituka
- bingaw/pagkangongo (cleft lip/palate), depekto sa gulugod (spina bifida)
- pagkawala ng pandinig, mga katarata
- kapansanan sa postura/paggalaw (cerebral palsy), hindi mapigilang panginginig/pangingisay (uncontrolled seizures)
- kronikong pamamaga ng mga kasukasuan (rheumatoid arthritis), pagkawala/pagliit ng kalamnan (muscular dystrophy)
- AIDS
- malubhang pinsala sa ulo, utak, o gulugod, matinding paso
- mga problemang dulot ng napaagang panganganak
- malubhang pagkasungki-sungki / pagkabaluktot ng ngipin
- pagkabasag o pagkaputol ng mga buto

## Maaari ba kaming gumamit ng sinumang doktor o provider na gusto namin?

Hindi. Dapat *munang* aprubahan ng CCS ang doktor o provider, mga serbisyo, at kagamitan.